



TOP END WOMEN'S LEGAL SERVICE INC.

FREE LEGAL ADVICE FOR WOMEN
Advice | Information | Referral | Advocacy

Mga Kautusan sa Karahasan sa Tahanan

Kung may kumikilos laban sa iyo nang marahas, mapagbanta, o mapang-abuso, maaari kang mag-aplay para sa isang domestic violence order (DVO) para sa iyong proteksyon

Ano ang DVO?

Ang DVO ay isang kautusang pamproteksyon na ginagawa ng Korte para protektahan ka, ang iyong pamilya, at/o ang iyong ari-arian laban sa karahasan sa tahanan at pamilya.

Ano ang karahasan sa tahanan at pamilya?

Sa Northern Territory (NT), sa ilalim ng batas ng DVO, ang karahasan sa tahanan at pamilya ay inilalarawan bilang:

- *Pag-aasal na nagsasanhi ng pinsala*, gaya ng pag-atakung pisikal o seksual;
- *Paninira ng ari-arian*, kabilang ang pagsanhi ng pinsala o pagkamatay ng isang hayop;
- *Intimidasyon*, kabilang ang pagkatakot mong may gawing karahasan laban sa iyo, sa iyong pamilya, at/o sa iyong ari-arian;
- *Panliligalig*, kabilang ang panay at di-ginustong pagkontak nang harapan o gamit ang teknolohiya gaya ng telepono, email, at social media;
- *Pagsubaybay*, kabilang ang sadyang pagsunod, pagmanman, o paglapit sa iyo sa mga dalawang (2) okasyon, na may layong gawan ka ng pinsala o bigyang-takot ka na mapinsala;
- *Abusong pinansyal*, gaya ng pagtatago o pagkontrol ng pera; o
- Pagtatangka o pagbabantang gagawin ang alinman sa mga karahasang nasa itaas.

Sino ang makapag-aaplay para sa DVO?

Ang aplikasyon para sa DVO ay magagawa ng:

- Isang taong nasa hustong gulang o kabataan (may edad na 15-18) na may relasyong pantahanan o pampamilya sa Nasasakdal (Defendant);
- Sinumang nasa hustong gulang na kumikilos para sa isang nasa hustong gulang o bata na may relasyong pantahanan o pampamilya sa Nasasakdal; o
- Isang pulis.

Ano ang relasyong pantahanan o pampamilya?

Sa ilalim ng batas ng DVO, kabilang sa relasyong pantahanan o pampamilya ang:

- Mag-partner na nasa relasyong romantiko, kabilang ang sinumang mga tao na kasal o dating kasal, de facto, may kasunduang pakasal (engaged), nakikipag-date, o may kaswal na relasyon;
- Mga kamag-anak gaya ng mga magulang, tiyahin o tiyuhin (step-parent), kapatid, pinsan at biyenang;
- Mga kamag-anak ayon sa tradisyong Aborihinal o kapanahong panlipunang gawi;
- Mga taong magkakasambahay o dating magkakasambahay, kabilang ang mga housemate (kasalo sa bahay); at
- Mga taong nasa relasyong carer (pangangalaga), may bayad man o wala.

Mga pangunahing termino:

- **Aplikante (Applicant):** ang taong nag-aaplay para sa DVO
- **Paglabag (Breach):** pagsira o di-pagtupad sa mga kautusan (mga tuntunin) ng DVO
- **Korte (Court):** ang Lokal na Korte
- **Nasasakdal (Defendant):** ang tao na ang pag-aasal ay hinihiling ng Aplikante na pigilan o hadlangan
- **Pansamantalang DVO (interim DVO):** isang pansamantalang DVO
- **Protektadong Tao (Protected Person):** ang (mga) tao na poprotektahan ng DVO

Paano ako maprotektahan ng DVO?

Ang DVO ay isang uri ng kautusan ng pagpigil (restraining order) – layon nitong hadlangan ang di-ginugustong pag-aasal at maaaring parusahan ito.

Maaaring kabilang sa isang DVO ang iba't ibang uri ng mga kautusan upang pigilan ang karahasan sa tahanan at pamilya, depende sa iyong mga sirkumstansya. Bagama't makagagawa ang Korte ng anumang mga kautusang kailangan para maprotektahan ang Protektadong (mga) Tao, may tatlong (3) uri ng DVO:

- **Lubos na walang kontak**– pinipigilan ang Nasasakdal sa pagkakaroon ng anumang kontak sa Protektadong (mga) Tao
- **Walang-kalasingan**– pinipigilan ang Nasasakdal na magkaroon ng kontak sa Protektadong (mga) Tao habang siya ay lasing
- **Walang-karahasan**– pinipigilan ang Nasasakdal sa paggawa ng anumang karahasan sa tahanan at pamilya sa hinaharap laban sa Protektadong (mga) Tao

Maaaring kabilang din sa mga kautusan ang tungkol sa pangungupahan, kabilang ang pagbabago sa kasunduan ng pangungupahan para makaalis ang isang tao.

Ang karaniwang tagal ng isang DVO ay 12 buwan, gayunpaman, maaaring ito ay mas tumagal o mas maikli.

Mga pangunahing katangian:

- Libre ang pag-aplay para sa DVO
- Kinikilala sa buong bansa ang mga DVO – ang mga ito ay naipapatupad sa lahat ng mga Estado at Teritoryo ng Australya
- Ang DVO ay maaaring magkaroon ng higit sa isang (1) Protektadong Tao
- Awtomatikong nakakansela ang lisensya sa armas, permiso o sertipiko ng rehistrasyon kapag ginawa ang isang DVO (at sinususpindi ang mga ito ng isang pansamantalang DVO)
- Isang krimen ang paglabag sa DVO at mapaparusahan ng multa o pinakamatagal na dalawang (2) taon na pagkabilanggo

Ano ang kaibahan ng DVO sa PVRO?

Kung ikaw ay dumaranas ng karahasan at wala kang relasyong pantahanan o pampamilya sa taong marahas, maaari kang mag-aplay para sa isang personal violence restraining order (**PVRO**) (personal na kautusan ng pagpigil sa karahasan) para sa iyong proteksyon.

Batuman't gumagana ang mga PVRO nang katulad sa mga DVO, may mahahalagang pagkakaiba:

- Habang ang DVO ay maaaring magkaroon ng maraming Protektadong (mga) Tao, ang PVRO naman ay maaari lamang magkaroon ng isang (1) Protektadong Tao.
- Habang ang mga isyung DVO ay dadaan sa Korte, ang mga isyung PVRO naman ay may kahingiang dumalo sa mediation (pamamagitan).
- Ang mga nasa hustong gulang lamang (18+) ang maaaring mag-aplay para sa isang PVRO.

Paano ako makakukuha ng DVO?

Hakbang 1: Ikaw ba ay nasa kagyat na panganib?

Kung ikaw, ang iyong mga anak, at/o ang iyong ari-arian ay nasa kagyat na panganib dahil sa Nasasakdal, dapat mong tawagan kaagad ang NT Police sa 000.

Maaaring gumawa ng pansamantalang DVO ang NT Police upang tiyakin ang kaligtasan ng isang tao sa mga agarang situwasyon o dahil hindi praktikal na makakukuha ng DVO sa pamamagitan ng Korte (gaya kung Sabado't Linggo).

Kung wala ka sa kagyat na panganib, ikaw, ang ibang tao, o ang iyong abogado ay maaaring mag-aplay para sa DVO sa Korte.

Upang mag-aplay para sa DVO, dapat kang magkumpleto ng nakasulat na aplikasyon. Ito ay tinatawag na 'Aplikasyon para sa Domestic Violence Order' at makukuha nang harapan sa Court registry o sa website ng Korte sa www.localcourt.nt.gov.au.

Hakbang 2: Paghahatid

Ang pulisya o Korte (sa pamamagitan ng proseso ng tagahatid o Court bailiff) ay maghahatid (magbibigay) sa Nasasakdal ng kopya ng aplikasyon sa DVO na may petsa at lugar para sa unang pagharap sa Korte.

Hakbang 3: Korte

Ang unang pagharap sa Korte ay tinatawag na 'mention'. Sa araw ng mention, gustong kumpirmahin ng Korte na nangyari na ang paghahatid at marinig kung sang-ayon ang Nasasakdal sa DVO.

Kung hindi dadalo sa mention ang Nasasakdal, maaaring gumawa ng DVO ang Korte nang wala siya o i-adjourn (ipagpaliban) ang isyu sa isang petsa sa kalaunan.

Mga Kalalabasan

Kung sang-ayon ang Nasasakdal sa mga kondisyon ng DVO, maaaring gumawa ng panghuling DVO ang Korte.

Pangangako (Undertaking)

- Sa halip ng isang DVO, maaaring mangako ang Nasasakdal sa Korte tungkol sa kanyang pag-aasal sa hinaharap tungo sa Protektadong (mga) Tao; ito ay tinatawag na 'Undertaking' (Pangangako).
- Kung hindi susundin ng Nasasakdal ang Undertaking, maaaring mag-aplay muli ang Aplikante para sa isang DVO. Ang Nasasakdal ay maaari ring matagpuang walang pakundangan sa hukuman (in contempt of court) (na mapaparusahan ng multa o pagkabilanggo).

Kung hindi magkakasundo ang mga partido

- Ang isyung DVO ay dadalhin sa isang case management inquiry (**CMI**) at pagkatapos ay sa isang pagdinig (hearing) sa isang petsa sa kalaunan.
- Samantala, magpapasya ang Korte kung kailangan ng pansamantalang DVO para sa proteksyon ng Protektadong (mga) Tao.
- Sa pagdinig, pakikinggan ng Korte ang ebidensya mula sa mga partido (o mula sa kanilang (mga) abogado) kung bakit dapat o hindi dapat gumawa ng DVO. Upang gumawa ng DVO, dapat makumbinsi ang Korte sa makatwirang mga dahilan na ang Protektadong (mga) Tao ay natatakot na gagawin ng Nasasakdal ang karahasan sa tahanan at pamilya.
- Pagkatapos, magpapasya ang Korte kung gagawa o hindi ng DVO makaraan ang pagdinig o sa isang petsa sa kalaunan sa pamamagitan ng nakasulat na mga dahilan.

Mayroon akong DVO, pero nilabag ito ng Nasasakdal – ano ang dapat kong gawin?

Isang krimen ang paglabag sa isang DVO; ang mga paglabag ay mapaparusahan ng multa o pagkabilanggo nang hanggang dalawang (2) taon.

Dapat isumbong sa NT Police ang lahat ng mga paglabag, at dapat kang humingi ng legal na payo tungkol sa iyong DVO upang makumpirma kung ito ang tamang kautusan para sa iyo.

Mayroon akong DVO, pero hindi ito tama para sa akin – maaari ko bang baguhin ito?

Kung ikaw ay mayroong DVO ngunit gusto mong baguhin ang mga kautusan ('ibahin ang DVO') o lubusang kanselahin ang DVO ('kanselahin ang DVO'), dapat kang mag-aplay sa Korte. Dapat kang humingi ng legal na payo bago ka gumawa ng aplikasyon sa Korte upang baguhin ang iyong DVO.

Mahalagang tandaan na ang Korte lamang ang makapagbabago ng isang DVO. Kahit na nagkasundo kayo ng Nasasakdal na baguhin o kanselahin ang DVO, dapat kang mag-aplay sa Korte upang bigyang-bisa ito. Kung ang iyong DVO ay isang Police DVO, dapat ding sumang-ayon ang Pulisya sa imumungkahing (mga) pagbabago.

Paano ako mananatiling ligtas?

Kung ikaw man ay may kasalukuyang aplikasyon para sa DVO o mayroon ka nang DVO, dapat mong iplano ang iyong gagawin upang mapanatili kung ligtas, ang iyong pamilya, at ang iyong ari-arian kung gagawa ng karagdagang karahasan sa tahanan at pamilya ang Nasasakdal.

Para sa tulong sa paghahanda ng planong pangkaligtasan, maaari kang tumawag sa 1800 RESPECT o humingi ng tulong mula sa suportang serbisyo para sa pantahanan, pampamilya at sekswal na karahasan.

Kailangan mo ba ng legal na payo o tulong? Maaari mong kontakin ang TEWLS para sa walang bayad na appointment.

Ph: **1800 234 441** (freecall) or **(08) 8982 3000** | E: admin@twls.org.au
W: www.twls.org.au | A: **17 Lindsay Street, Darwin NT 0800**



**TOP END WOMEN'S
LEGAL SERVICE INC.**
FREE LEGAL ADVICE FOR WOMEN
Advice | Information | Referral | Advocacy



Proudly supported by
**NORTHERN
TERRITORY
GOVERNMENT**